# BUTBOT

Perry C. Mangilaya

SUMISIGID SA BALAT ni Nanding ang hagod ng init mula sa sumayaw-sayaw na apoy sa ginawa niyang siga, na lalong nagpapaalinsangan sa kanya. Lumalaki at tumataas pang lalo ang liyab habang patuloy niyang kinakalahig ng patpat ang mga sukal sa gitna ng siga. Tila gigil ang apoy na madilaan ang mga dahon ng punong sampalok.

Pagkuwa'y umupo si Nanding sa isang hupyak ng nabuwal na puno ng kaimito nang nakaraang bagyo. Mataman niyang pinagmamasdan ang liyab. Sinusundan ang pagpapailanlang ng mga alipato habang pinakikinggan ang paglagitikan ng nasusunog na mga tuyong dahon. Gayon lagi, hihintayin niyang tuluyang matupok ang siga. Na tila ba inaasam niyang sana'y kasamang maabo ang dinadala sa kanyang dibdib.

Naging ritwal na ito ni Nanding. Na sa tuwing may mabigat siyang bagahe sa kanyang dibdib, kahit nga kapag nag-away o nagkatampuhan lang silang mag-asawa, kinagawian na niyang maghawan, mangalap ng mga patay na balaba ng niyog, mga siit-siit at magwalis ng mga sukal sa kanilang likod-bahay at gagawa ng siga sa may lilim ng punong sampalok. At doon magpapalipas ng hinampo o hinanakit.

"Magtatakipsilim na, Nanding," napaigtad pa siya sa tinig ng kanyang asawang si Linda. Nakalangkap ang himig pagpapaalala at pag-aalala. Noon niya namalayan, unti-unti na ngang lumalatag ang takipsilim. Nagsipagsindihan na ng ilaw ang kanilang mga kapitbahay. Kani-kanya nang hapon sa mga punongkahoy ang mga alaga niyang manok.

Nilinga niya ang kanyang asawa. "Susunod na 'ko," aniya at muling ibinaling ang tingin sa siga.

Hindi na lingid sa kanyang asawa ang kanyang pinagdadaanan. Kaya nang makita siya, hinayaan na lamang siya nitong mapag-isa. Hinayaan siyang pagnilay-nilayan ang mga bagay-bagay na maaaring makakaluwag sa kanyang dibdib. Naniniwala rin marahil ang kanyang asawa, na minsan, ang pag-iisa ay nakakatulong din para maibsan ang mga pasanin sa buhay.

Tulad ngayon, hindi gumagaan ang kanyang dibdib kahit may isang buwan nang pumanaw ang kanyang ina. Ang kanyang inang may edad walumpu't isa ay may anim na taong nang alagain mula nang unang ma-*stroke* ito. Nakaligtas man, pero hindi na maigalaw ang kanang kamay ng kanyang ina, hindi rin mailakad ang kanang paa. Bahagyang ngumiwi ang bibig

at garalgal na ang pananalita. Bagama't maiintindihan naman kapag idinikit mo ang iyong tainga. *Wheelchair* na ang naging mundo nito.

Mag-isa siyang sumalo ng pag-aalaga sa kanilang ina dahil siya na lang ang naiwan sa kanilang probinsiya. Ang sinundan niyang kapatid na babae ay nasa Maynila na naninirahan dahil doon ang trabaho, kasama ang pamilya nito. Ang pangalawang babae, nasa Davao na naninirahan pagkat doon naman nakapangasawa at nakapagtrabaho. Ang panganay nilang kapatid na lalaki, OFW sa Dubai. Pero sa Ilocos Norte na mas piniling manirahan dahil tagaroon ang napangasawa. Ang kanilang ama, binata pa siya'y yumao na ito dahil sa pulmonya.

Noong bata-bata pa ang kanyang ina, ayaw nitong makitira sa anak sa Maynila, lalong ayaw tumira sa Ilocos at Davao. Katwiran nito, kung saan ito ipinanganak, doon din gustong abutin ng kamatayan. Dati, mag-isa itong naninirahan sa luma nilang bahay sa barangay ding iyon. Ngunit nang mag-umpisa nang manghina ang kanyang ina, saka niya hinikayat na sa kanila na manirahan. Tanging ang asawa lang niya ang kanyang katuwang sa pag-aalaga sa ina, katu- katulong ang tatlo nilang anak, isang lalaking nasa haiskul at dalawang babaeng nasa elementarya.

Noong ma-*stroke* nga ang kanyang ina, hindi nakauwi ang mga kapatid niyang babae. Katwiran, may mga trabaho. Hindi pinayagan ng boss. Malayo. Lalo namang hindi nakauwi ang panganay niyang kapatid. Dagdag pang katwiran, magastos kung uuwi pa. Sa halip na ipamasahe, ipapadala na lang daw para sa pagpapapagamot ng kanyang ina. Tutal, nariyan naman daw siyang mag-aasikaso. Siya na lang daw ang bahala, at ang

mga kapatid na niya ang bahala sa mga gastusin. Huwag na raw niyang intindihin iyon. Atupagin na lamang daw niya ang pag-aasikaso sa kanilang ina.

Lihim na sumupling ang hinanakit ni Nanding sa kanyang mga kapatid. Alam niya, kung gugustuhin naman ng mga ito, makakauwi ang mga ito para damayan siya. Pero sadyang ganoon yata talaga ang nangyayari, naisip niya. Kung sino ang naiwan sa probinsiya, siya ang may responsibilidad sa pag-aruga sa magulang. Lalo pa't bunso siya. Na naging kultura na sa kanilang probinsiya, na kung hindi sa babaeng anak, sa bunso nakaatang ang responsibilidad sa pag-aalaga ng mga magulang. Uuwi na lamang ang ibang mga anak mula sa malalayong lugar kapag patay na ang mga magulang. Nagkikita-kita lamang ang magkakapatid kapag may ibinuburol. At kapag nailibing na, kani-kanyang nang balik sa normal na buhay. Na aywan, kung kailan uli maisipang makadalaw sa puntod. Ilang taon na bang hindi nakakadalaw sa puntod ng kanilang ama ang tatlo niyang kapatid? Hindi na niya maaalala. Tuwing Undas, o kaarawan ng kanilang ama, o araw ng kamatayan nito, nagpapadala na lamang ng pera ang kanyang mga kapatid para pambili ng kandila at bulaklak.

Kaya malaki ang pasasalamat niya sa kanyang asawa. Ang kanyang asawa na hindi nagkulang sa pagsuporta sa kanya. Lalo nang ma-*stroke* uli ang kanyang ina sa pangalawang pagkakataon. Naging kritikal ang kondisyon ng kanyang ina. Nananatili sa ICU. Nakiusap uli siya sa kanyang mga kapatid na umuwi, hindi lang dahil iyon ang kahilingan ng kanilang ina, kundi para makatulong sa kanya lalo na sa pagdedesisyon sa mga bagay-bagay. At higit sa lahat, maabutan pa ng mga ito na buhay ang kanilang ina.

“Malabo akong makauwi, ikaw na muna ang bahala d’yan,” ang panganay nilang lalaki.

“Titingnan ko kung papayagan ako,” sabi naman ng sinundan niyang kapatid na babae, na kinabukasan din, nagpasabi na hindi makakauwi dahil sa trabaho, hindi pinayagan.

“Pinayagan naman ako ng boss ko. Kaso, tatlong araw lang. Mauubos lang sa b’yahe ang bakasyon ko,” katwiran naman ng isa pang kapatid niyang babae.

“Basta, tutukan mo na lang si Inay. Sa gastusin, h’wag mo nang intindihin ‘yon,” ang kanilang panganay.

Napaisip siya. Pampalubag ba iyon ng loob?

Mangani-ngani niyang isumbat sa mga ito, hindi pera ang kailangan ni Inay ngayon. Kundi kayo mismo.

Ngunit naisip niyang hindi ito panahon para magsumbatan. Pagtutulungan ang kailangan ngayon. Pagdadamayan.

Bukod sa hindi nagkukulang sa pagpapadala ng gastusin ang tatlo niyang kapatid, lagi ring tumatawag ang mga ito sa kanya. Inaalam ang kalagayan ng kanilang ina. At mahigpit lagi ang bilin sa kanya, gawin ang dapat gawin. Ang mahalaga, gumaling at makaligtas ang kanilang ina.

Pero ilang araw pa lang sa ICU ang kanilang ina, tinapat na siya ng doktor, na hindi na magtatagal ang kanilang ina. Agad niya itong ipinaalam sa kanyang mga kapatid, at kung ano ang

magiging desisyon nila. Pero mahigpit ang bilin ng kanyang mga kapatid, huwag isuko ang kanilang ina. Kahit gumastos nang malaki basta mabuhay lang ang kanilang ina. Sa ganitong paraan na lamang daw sila makakabawi sa kanilang ina.

Ngunit pinipiga ang puso ni Nanding habang tinitingnan niya ang kalagayan ng ina. Naalala pa niya nang unang ma-*stroke* ito, sa garalgal at pauntol-untol na pabulong na tinig ng kanyang ina, napagtagni-tagni niya ang gustong mangyari ng kanyang ina. Gusto na nitong magpahinga. Pagod na pagod na ito. Huwag nang dalhin sa ospital. Huwag nang ipagamot. Lagi't lagi ring hinahanap nito ang kanyang mga kapatid. Bumibigat ang dibdib ni Nanding kapag naririnig niya ang mga iyon. Paano'y tila nakikiusap ang kanyang ina.

Kaya muling iginiit ni Nanding sa kanyang mga kapatid ang pakiusap niyang umuwi na ang mga ito. May hinala siyang maaaring ang kanyang mga kapatid, o isa sa mga ito ang hinihintay na lang ng kanyang ina bago ito mamaalam. Kaya marahil ayaw pang bumitiw ang kanilang ina dahil hinihintay pa ang kanyang mga kapatid. Kaya pakiusap niyang huwag na nilang pahirapan ang kanilang ina. Maaaring ikasisiya pa ng kanilang ina ang makapagpahinga na. Nagpasabi naman ang kanyang mga kapatid, gagawa ng paraan.

Ngunit kinabukasan, tuluyan nang binawian ng buhay ang kanilang ina.

Nakaburol na ng tatlong araw ang kanyang ina bago nakauwi ang kanyang mga kapatid na babae. Nahuling nakauwi ang panganay nilang kapatid. Talagang hinintay pa nila ito bago inilibing ang kanilang ina. Pero lalong sumama ang kanyang

loob. Sa tingin niya, mabigat ang pagpanaw ng kanilang ina dahil hindi nakauwi ang kanyang mga kapatid bago man lang ito mamaalam. Lalo pa't sa tuwing iisipin niyang nagagawa naman palang makauwi ng mga ito, nahahanapan naman pala ng paraan, bakit kung kailan patay na ang kanilang ina? Bakit hindi noong nabubuhay pa ito? Umiiwas ba ang kanyang mga kapatid sa pag-aalaga sa kanilang ina?

Hindi biro ang sakripisyo niya sa ina mula nang maging alagain ito. Hindi iyon matutumbasan ng pera. Bagay na ipinagpasalamat niya dahil laging naroon ang kanyang asawa, na hindi nagsasawa sa pagbibigay payo sa kanya. Unawain ang kanyang mga kapatid dahil malayo ang mga ito. Na masakit din naman sa mga ito, na walang magawa para maalagaan ang kanilang ina. Ganoon talaga ang buhay. Gustuhin mo man, pero humahadlang ang pagkakataon.

Pagkatapos ng siyam na araw ng nobena, nagsipagbalik na ang kanyang mga kapatid. Ganoon lang, naisip ni Nanding. Na para bang umuwi lang ang mga ito para makipaglibing. Bagama't nagpasabi naman ang mga ito na uuwi rin, magbabakasyon para dalawin ang puntod ng kanilang mga magulang.

Ngunit hindi na niya iyon inaasahan.

Tumayo na si Nanding nang tuluyang matupok ang siga. Binalot na ng dilim ang paligid. Bagama't pinupunit iyon ng mga talsik ng liwanag ng bumbilya mula sa kabahayan. Habang binabasag ng manaka-nakang mga kahol ang katahimikan ng gabi.

Nang gabing iyon, naging maramot sa kanya ang antok. Napuyat siya sa kaiisip ng mga katanungang hindi niya mahanapan ng tiyak na kasagutan. Ngunit sinikap pa rin niyang magising nang hindi pa lumalatag ang liwanag kinabukasan. Naging ritwal na kasi iyon ni Nanding, na gumising na tulog pa ang mundo.

Ngunit kaiba ngayong umaga, habang nagpapa-in-in sa hinihigaang katre, kasabay ng pag- usal ng maikling panalangin, tila may kakaiba siyang naramdaman sa kanyang mg tuhod. Bumangon siya ngunit minabuti niyang manatiling nakaupong nakaunat ang mga paa. Sinubukan niyang baluktutin ang mga tuhod, ngunit napangiwi siya nang maramdaman tila may mga tinik na tumutusok sa loob. Kinapa-kapa niya ang kanyang mga tuhod, ngunit wala siyang masalat na anumang bagay na maaaring dahilan ng pagkirot. Pero sa pagkapa niya, napakiramdaman niyang tila namamaga ang mga ito.

Tinapik-tapik niya ang asawa na natutulog sa kanyang tabi. Narinig niya ang mahinang ungol nito.

"Ang sakit ng mga tuhod ko," daing niya.

Gumalaw ang kanyang asawa. Pagkuwa'y bumangon. Narinig pa niya ang pagkulbit nito ng switch ng ilaw. Nang lumiwanag, tumambad sa kanya ang maga at namumula niyang mga tuhod.

"Rayuma 'yan," sabi pa ng kanyang asawa. "Sandali..."

Mula sa kanilang altar sa kuwarto ring iyon, kinuha ng kanyang asawa ang maliit na bote ng langis na may laman na

kung ano-anong uri ng mga ugat ng punongkahoy, na ayon sa napagbilhan nila sa matandang lalaking naglalako, mainam daw panggamot sa mga sakit-sakit sa katawan.

"O, ipahid mo," anito. "Mag-iinit lang ako ng tubig."

Dahan-dahan niyang ipinahid sa kanyang tuhod. Hinagod-hagod. Naghintay ng ilang minuto. Pinakiramdaman bago uli pinahiran ng langis. Saka tinangkang ibaluktot ang mga tuhod ngunit namilipit uli siya sa kirot.

Sumisilip na ang liwanag ng umaga nang balikan siya ng kanyang asawa, dala-dala ang palangganita na may laman na mainit na tubig at puting bimpo. Saka pumuwesto ito sa gilid ng katre. Inilublob ng kanyang asawa ang bimpo sa palangganita, piniga, iniladlad, tinupi at saka inilapat sa kanyang tuhod.

Napaigtad siya.

"Patagalin mo para maalis ang lamig sa tuhod mo," sabi pa ng kanyang asawa.

Nang lumamig ang bimpo, muli itong inilublob ng kanyang asawa sa palangganita. Piniga. Muling inilapat sa kanyang tuhod. Paulit-ulit. Hanggang sa tuluyang lumamig ang tubig sa palangganita.

Ngunit hindi umaampat ang kirot sa kanyang tuhod. Buong araw siyang nakahiga sa katre. Pasalamat siya at maaasahan na niya ang kanyang panganay na lalaki. Ito na ang nag-asikaso sa dalawa niyang alagang baka at isang kalabaw na ginagamit niya sa pag-aararo. Maging ang ilang mga gawain.

Dahil sa hindi pag-ampat ng kirot, bago siya matulog kinagabihan, kumuha ang kanyang asawa ng mga dahon-dahon sa paligid, idinarang nito sa apoy, saka itinapal sa magkabila niyang tuhod at tinalian ng tela. At umaasang paggising niya kinabukasan, wala nang kirot.

Ngunit kinabukasan, mataas na ang sikat ng araw ay nasa katre pa rin siya, gising na gising habang nakaupong nakaunat ang dalawang paa dahil hindi nabawasan ang kirot. Ni hindi pa rin niya magawang ibaluktot ang mga ito sapagkat doble ang kirot kapag iginalaw niya.

Kagabi, hindi dire-diretso ang kanyang tulog dahil sa kaunting galaw niya, nagigising siya sa kirot. Lanta na rin ang itinapal niyang dahon. At kahit anong pahid ng langis ng kanyang asawa, hindi nababawasan ang kirot. Kaya nag-aalala na ang kanyang asawa na baka hindi rayuma ang kanyang iniinda.

Tinawag niya ang kanyang asawa. Sinabi niya ritong masakit pa.

"H'wag mong piliting tumayo kung masakit pa," nasa tinig ng kanyang asawa ang pag-aalala.

Hinagod-hagod niya ang mga tuhod.

"Mag-aalmusal ka na ba? Pinauna ko nang pinag-almusal ang mga anak mo." Umiling siya, pigil.

"Magpa-*butbot* ka na," himig pakiusap ng kanyang asawa. "Baka nga tulad din 'yan no'ng nangyari ke Manong

Doroy, na nawala nang magpa-*butbot.* Kasi kung rayuma 'yan, sana kahit pa'no, nabawasan na ang sakit."

May punto ang kanyang asawa, naisip ni Nanding. Kadalasan, kapag inaatake siya ng rayuma, papahiran lang niya ng langis, lalapatan ng bimpong inilublob sa maligamgam na tubig, kahit paano, naiibsan ang nararamdaman niyang kirot. Dagdag pang pakiramdam niya, ibang-iba ang kirot kumpara kapag sinusumpong siya ng rayuma.

"Ano," ang kanyang asawa. "Tatawagin ko na si 'Tay Emong, ha, para ma-*butbot* ka," dugtong pa nito na tinutukoy ang nag-iisang matandang albularyo sa kanilang barangay. Ito rin ang nag-*butbot* sa kapatid ng kanyang asawa na si Doroy. Kilala si 'Tay Emong, hindi lang sa kanilang barangay, kundi maging sa mga karatig barangay nila, na magaling na albularyo.

Hindi siya kumibo. Ngunit inihahayag ng kanyang hindi pagkibo ang pagpayag niya.

Tumayo ang kanyang asawa. Nagmamadaling lumabas ng kuwarto. Narinig pa niya ang pag-ingit ng pagbukas at pagsara ng pinto ng kanilang bahay.

Nananatili siya sa gayong ayos. Pinakikiramdaman ang mga tuhod.

Bagama't hindi pa niya naranasang magpa-*butbot,* hindi na bago kay Nanding ang *butbot.* Isang matanda nang uri ng panggagamot sa mga *sinabeagan* o sinabuyan ng mga nasaktang laman-lupa bilang ganti ng mga ito. Karaniwan na sa kanilang barangay, maging sa kanilang buong bayan ng Ibajay,

sa kanlurang bahagi ng lalawigan ng Aklan, ang paniniwala tungkol sa *butbot*. Bukod sa narinig na niya sa matatanda ang bisa ng *butbot,* marami na rin siyang nakilalang ayon sa mga ito, naranasang magpa-*butbot* dahil sa paniniwalang sinabuyan ng nasaktan o nabulabog na mga laman-lupa. Halos iisa ang ikinuwento ng mga ito. Nakaramdam ng masakit sa mga tuhod, ang iba nama'y sa mga kamay, leeg at balakang. Hindi maigalaw ang bahaging masakit dahil tila may tumutusok sa loob. Pero nang ipina-*butbot* sa isang albularyo, maraming nahugot na mga maliliit at maninipis na sanga, ang iba nama'y mga siit mula sa bahaging masakit. At nang natanggal nang lahat, saka lang nakaramdam ang mga ito ng ginhawa.

Isang hiwaga na hanggang ngayon, nananatiling hiwaga sa kanya.

Dumating ang payat na albularyo kasabay ng kanyang asawa. Puro puti na ang manipis na nitong buhok. Sa inihahayag ng anyo nito, mapagwawaring mahigit pitumpung taong gulang na ito. Pero kababakasan pa rin ng kalakasan sa katawan. Umupo ito sa gilid ng katre. Inutusan pa nito ang kanyang asawa na lakihan ang bukas ng bintana. Pagkuwa'y idinantay nito ang mga palad sa kanyang magkabilang tuhod. Naramdaman pa niya ang maligasgas na mga palad ng albularyo.

"Hindi rayuma 'to," tiwalang sabi ng albularyo, bumaling sa kanya. "Me ginawa ka ba, o pinuntahang lugar bago nangyari 'to?"

Napaisip si Nanding. Saka niya ikinuwento sa albularyo ang kanyang ginawa nakaraang araw. Ngunit wala naman siyang pinuntahan o ibang ginawa, maliban sa karaniwang gawain sa

araw-araw. Sa umaga, paglabas ng dalawa niyang alagang baka mula sa sugaan, pagpapaligo sa sapa ng kanyang kalabaw na ginagamit niya sa pag-araro, pagpapakain ng alagang baboy, pagpapatuka ng mga manok at pato at iba pang gawain. Sa tanghali, nagpahinga lang siya. Umidlip. Sa dapithapon, pagsuga uli ng alagang baka at kalabaw, pagpapakain ng baboy at pagpapatuka ng manok, pato at kung ano pang maisip na gawin, maging ang paghawan at pagsiga niya sa may lilim ng punong sampalok sa kanilang likod-bahay. Maraming mahahawan sa kanilang likod-bahay dahil karugtong nito ang sagingan, niyugan at iba pang mga punongkahoy, na kung tutumbukin, diretso sa malaking ilog ng Ibajay. Hindi rin siya nagpunta sa sinasaka niyang bukid dahil kapag ganitong tag-init, binibigyan din niya ng panahong makapagpahinga ang lupa.

"Kelan ka huling naghawan sa likuran ng bahay ninyo?" pagtitiyak na tanong ng albularyo.

"Nakaraang araw," aniya.

"Tapos kinabukasan, 'eto na ang nangyari sa 'yo?"

Tumango siya.

Tumango-tango rin ang albularyo, na tila ba may nasolusyonang problema.

"Me nasaktan kang mga laman-lupa ro'n," sabi ng albularyo. "At ito ang iginanti nila sa 'yo, sinabuyan ka."

"Dati na niyang ginagawa 'yan do'n, pero ngayon lang nangyari sa kanya 'to," ang kanyang asawa ang sumagot. Alam

na rin kasi ng kanyang asawa ang gawi niyang ito. Na kahit kapag nag- aaway sila, o nagkakatampuhan, makikita si Nanding doon, nagpapatupok ng hinanakit o tampo.

"Maaaring nagkataong naro'n din sila, namamahinga," paliwanag ng albularyo. "Sa basa ko sa punong sampalok na 'yon, daanan at pahingahan 'yon ng mga laman-lupa bago sila tutuloy sa tirahan nila. Tingnan mo naman ang karugtong ng likod-bahay ninyo, medyo mapuno, di ba? Maaaring isa sa mga punong naroon, ang kanilang tirahan."

Nabaghan si Nanding.

"Sandali, ha," tumayo ang albularyo. "Kukuha lang ako ng mga dahon-dahon para ma-*butbot* kita," dagdag pa nito at lumabas ng kanilang bahay.

"Sabi ko naman sa 'yo," ang kanyang asawa. "Pinaalalahanan na kita dahil magtatakipsilim na."

Tinapunan lang niya ng tingin ang kanyang asawa.

"Tama nga ang hinala ko, hindi nga rayuma 'yan," dagdag pa nito.

Nanatili siyang walang kibo habang hinihimas-himas niya ang mga tuhod.

Pagkaraan ng ilang sandali, bumalik ang albularyo na may mga dala-dalang iba't ibang uri ng dahon. Agad itong pumuwesto sa gilid ng katre. Inutusan siyang humiga. Habang tuwid na nakatingin sa kanyang mga tuhod, kumibot-kibot ang

tuyot na labi ng albularyo, kaipala'y inuusalan nito ng orasyon ang mga dahon na tanging ito lamang ang nakaririnig. Pagkaraang makapag-orasyon, ikinumpol ng albularyo ang mga dahon at iginili nang iginili sa dalawa nitong palad, saka itinampal iyon sa kaliwa niyang tuhod. Napaigtad siya. Mahigpit na napakapit sa gilid ng katre nang simulang hagod-hagurin ng albularyo ang mga dahon sa kanyang tuhod.

Pagkaraa'y tumigil ang albularyo sa paghagod-hagod ng dahon sa kanyang tuhod. At habang nananatiling nakatampal ang mga dahon sa kanyang tuhod, tila may hinuhugot ito sa loob ng mga dahon.

Natigilan pa si Nanding nang ipakita sa kanya ng albularyo ang nadukot nitong ga- *toothpick* na patay nang sanga. Ni hindi niya naramdaman ang paghugot niyon. Ni walang sakit kahit bahagya. Dahil walang umagos na dugo, natiyak niyang wala ring sugat.

"Ayan, tingnan mo," sabi pa ng albularyo at inilapag sa nakalatag na papel ang maliit at manipis na sanga. "'Yan ang isinaboy nila sa 'yo. 'Yan ang tumutusok sa loob ng tuhod mo."

Muling ipinagpatuloy ng albularyo ang pagbu-*butbot.* Tahimik lang silang mag-asawa habang pinagmamasdan ang albularyo.

"Sa uli-uli, bago ka maghawan o magsiga ro'n, magpasintabi ka muna," paalala pa ng albularyo nang muling makahugot ng magkakasunod na siit. "Sige nga, igalaw mo," pagkuwa'y utos pa nito.

Marahan niyang ibinaluktot ang kaliwa niyang tuhod. Siya ma'y nagulat nang malaya niyang naibaluktot ito na walang naramdamang kirot.

Tumango-tango ang albularyo at lumipat ng puwesto sa kanyang kanan.

Muling inihanda ng albularyo ang kumpol ng dahon na halos lanta na ang mga ito. Muli ring iginili nang iginili sa mga palad nito. Saka inilapat sa kanan niyang tuhod. Sinimulan uli ang pagbu-*butbot* sa kanya.

Muling napakapit si Nanding sa gilid ng katre para mapaglabanan ang kirot. Nang mapansin ito ng kanyang asawa, hinawakan siya nito sa braso, mahigpit na tila nakikiamot sa nararamdaman niyang sakit. Ramdam din niya sa higpit ng mga kamay nito ang pagmamalasakit. Hindi niya tuloy maiwasang alalahanin ang paulit-ulit na payo nito sa kanya. Alisin ang hinampo niya sa kanyang mga kapatid. Siya lang naman ang nagpapahirap sa kanyang sarili. Nagtatampo siyang lingid sa kanyang mga kapatid. Mahirap iyon, sabi pa ng kanyang asawa. Pero hindi ka dapat nagtatampo, dagdag pa ng kanyang asawa. Walang dahilan para magkimkim siya ng hinanakit. Ayon pa sa kanyang asawa, higit na mas mapalad siya kaysa sa kanyang mga kapatid. Isang pagpapala na bihirang maibigay sa isang anak. Dahil nabigyan siya ng pagkakataong pag- ukulan ng panahon na alagaan ang kanyang ina. Naipadama at naipakita niya sa ina ang pagiging isang anak. Mas naging kumpleto ang kanyang pagiging anak. Nagampanan niya ang tungkulin sa ina. Nasuklian niya ang sakripisyo ng kanyang ina sa lahat ng paghihirap nito sa kanila. Higit sa lahat, mapalad siya dahil mahaba ang panahong naging kasa-kasama niya ang kanyang ina, hanggang sa huling

hininga nito. Unawain na lang niya ang kanyang mga kapatid. Naging praktikal lang ang mga ito. Marahil, nagi-*guilty* rin ang mga ito dahil hindi magawang alagaan ang kanilang ina dahil sa hinihingi ng sitwasyon. Kaya mapalad siya. Dagdag pa ng kanyang asawa, tiyak na masayang-masaya na ang kanyang ina para sa kanya. Huwag na rin niyang isiping baka mabigat ang pagpanaw ng kanilang ina dahil hindi nakauwi ang kanyang mga kapatid. Sadyang maunawain ang kanilang ina. Mauunawaan nito kung bakit hindi nakauwi ang mga ito.

Siguro nga, naisip din ni Nanding. Dahil napanaginipan niya minsan ang kanyang ina, kumakaway ito sa kanya, nakangiti, masaya ang bukas ng mukha, palayo nang palayo hanggang sa lamunin ito ng liwanag.

Hanggang sa siya'y magigising na binabanggit ang kanyang ina.

Hindi na namalayan ni Nanding na tapos na sa pagb-*butbot* ang albularyo.

"Talagang malaki ang galit sa 'yo ng mga laman-lupa," sabi pa nito. "Talagang ayaw kang palalakarin. Tingnan mo, ang dami."

Nilinga niya ang mga siit. Pitong piraso lahat. At kung paano ito pumasok sa kanyang mga tuhod, hindi niya lubos maisip. At kung paano nailabas sa pamamagitan ng *butbot* na walang sugat o dugo at hindi niya nararamdaman ang sakit, mas malaking isang hiwaga.

“Sige nga, igalaw mo,” utos ng albularyo.

Dahan-dahan niyang ibinaluktot ang kanang tuhod. Malaya niya itong naibaluktot nang walang naramdamang kirot, na labis niyang ipinagtaka at ikinamangha.

“Tayo ka,” utos pa nito.

Maingat siyang gumalaw. Inilaylay sa katre ang mga paa. At nang sigurado na siya sa sarili, maingat siyang tumayo, at siya’y tagumpay na nakatayo.

Tumango-tango ang albularyo habang nakatingin sa kanyang mga tuhod. “Maya-maya lang, iimpis na rin ang maga n’yan at mawawala ang pamumula,” dugtong pa nito bago magpaalam.

Para makatiyak, sumipa-sipa pa siya, ibinaluktot-baluktot ang mga tuhod, at saka naglakad-lakad.

“Ano,” pagtitiyak pa ng kanyang asawa habang sumusunod sa kanya.

Hindi siya sumagot. Nilinga lang niya ang kanyang asawa, hinawakan ang isang kamay nito, mahigpit na mahigpit.

## POETIKA

Isang matanda nang uri ng panggagamot ang *butbot* sa mga *sinabeagan* o sinabuyan ng mga sinaktan o nasaktang laman-lupa bilang ganti ng mga ito sa lalawigan ng Aklan. Pinaniniwalaang sa pamamagitan ng pagbu-*butbot*, mailalabas ang mga siit sa loob ng katawan na siyang nagpapahirap sa taong sinabuyan.

Iba't ibang uri ang pamamaraan ng pagbu-*butbot*. May gumagamit ng pinitpit na luya saka hihimas-himasin sa bahaging masakit na katawan, hanggang sa may matatagpuang mga siit na nakasama sa pinitpit na luya, na sinasabing mula sa loob ng katawan. Kakatwa ito dahil walang sugat o bakas na naiwan sa balat. At habang nagbu-*butbot*, ngumunguya rin ng nganga ang albularyo.

Sa karatig na lalawigan ng Aklan, may iba ring paraan ng pagbu-*butbot* ang *manugbutbot*, ang tawag sa nagbu-*butbot*. Bukod sa pagnganganga, gamit lamang ang isang uri ng halaman na siyang ginagamit sa pagtanggal o panungkit para maalis ang maliliit na bagay sa loob ng katawan na nagpapahirap sa pasyente dahil sa kagagawan ng ibang nilalang. Kakatwa rin ito dahil wala ring naiiwang bakas o sugat sa balat.

Ngunit ang paraan ng pagbu-*butbot* na inilahad ko sa aking kuwento ay personal kong nasaksihan nang ang aking ama ay magpa-*butbot* sa albularyo dahil sa sumasakit niyang magkabilang tuhod. Tulad ng ilan, hindi rin naniniwala ang aking ama sa *butbot*. Ipinagpalagay niyang isang panlilinlang lamang iyon. Hindi rin siya naniniwala na sinabuyan siya ng laman-lupa. Kaya rayuma kaagad ang naisip niyang dahilan ng pananakit ng kanyang tuhod. Ngunit kahit anong gamot niya para sa rayuma,

hindi ito gumaling-galing. Nagpasya ang aking ina, na ipa-*butbot* ang aking ama. Nasa tabi ako ng aking ama habang siya'y binu-*butbot*. Naramdaman niyang masakit ang kanyang mga tuhod, ngunit ang hindi niya maipaliwanag, wala siyang maramdamang sakit kapag may nahuhugot na siit mula sa kanyang tuhod, ni wala ring sugat.

Nawala ang sakit sa tuhod ng aking ama. Bagay na hindi niya maipaliwanag. Na kahit nagdududa siyang nilinlang lang siya ng albularyo, pero ang hindi niya maipaliwanag, kung bakit nawala ang sakit.

Iba-iba man ang paraan ng pagbu-*butbot*, may isang bukod-tanging magkakapareho rito, ang pagnganganga ng albularyo o *manugbutbot*. Bagay na tanging sila lamang ang nakakaalam ng dahilan.

Sa ngayon, halos hindi na pinapraktis ang uri ng panggagamot na ito. Dala na rin ng pagbabago ng panahon, halos nangamatay na rin ang matatandang albularyo, at dala ng makabagong paniniwala at kaisipan ng mga bagong henerasyon. Kaya may sapantaha akong tuluyan nang maglalaho ang kakatwang uri ng panggagamot na ito sa aming bayan, at hindi na masasaksihan ng mga susunod na henerasyon. Maririnig na lamang nila ito sa mga pasalin-saling kuwento.